LONGBEACH COMMUNITY DEVELOPMENT

ABISO SA PUBLIKO

ABISO TUNGKOL SA PAMPUBLIKONG PAGDINIG

Sa Miyerkoles, **Abril 16, 2025,** nang 4:00PM, ang Long Beach Community Investment Company (CIC, Kompanya ng Pamumuhunan sa Komunidad ng Long Beach) ay magsasagawa ng Pampublikong Pagdinig sa City Council Chambers (Mga Kamara ng Sangguniang Panlungsod) na matatagpuan sa Long Beach City Hall, 411 West Ocean Boulevard, Long Beach, CA 90802.

Layon ng mga Pampublikong Pagdinig na makatanggap ng mga komento mula sa publiko tungkol sa pagbuo ng FY 2025 – 2026 Action Plan (Plano ng Pagkilos para sa FY 2025 – 2026) upang matugunan ang mga kasalukuyang priyoridad sa Consolidated Plan (Nilikom na Plano). Nakatatanggap ang City of Long Beach ng pera taon-taon mula sa Department of Housing and Urban Development (HUD, Kagawaran ng Pabahay at Pagpapaunlad sa Lungsod) ng Estados Unidos upang makatulong sa pagpapaganda sa ating mga kapitbahayan. Ang pondong karapat-dapat matanggap ay nagmumula sa tatlong pinagkukunan ng pondo: Community Development Block Grant (CDBG, Perang Gawad ng Pambansang Gobyerno sa Lokal na Gobyerno para sa Pagpapaunlad sa Komunidad), Emergency Solutions Grant (ESG, Perang Gawad para sa mga Solusyong Pang-emergency), at Home Investment Partnership Act (HOME, Batas sa Pakikipagtulungan para sa Pamumuhunan sa Tahanan).

Hangad ng City of Long Beach na makapagbigay ng makatwirang akomodasyon para sa pampublikng pagdinig alinsunod sa Americans with Disability Act (ADA, Batas para sa mga Amerikanong may mga Kapansanan) ng 1990. Kung kailangan ng espesyal na akomodasyon, o upang humiling ng materyales na isinaling-wika, pakitawagan si Elizabeth Weithers sa (562) 570-6912 nang hindi iikli sa 48 oras bago sumapit ang pampublikong pagdinig sa Abril 16, 2025. Para sa mga taong may mga kapansanan sa pagdinig o pananalita, tumawag lang sa 711 upang maikonekta sa isang Telecommunications Relay Service. Ang mga mamamayang nagnanais na magbigay ng mga nakasulat na komento ay pinauunlakan hanggang sa Abril 14, 2025 para sa pampublikong pagdinig sa Abril 16, 2025. Maaari ding i-address ang mga nakasulat na komento kay Elizabeth Weithers, Community Development Department (Kagawaran ng Pagpapaunlad sa Komunidad), 411 W. Ocean Blvd., Long Beach, CA 90802 o ipasa sa pamamagitan ng email sa Elizabeth.Weithers@longbeach.gov.

Upang hilingin ang impormasyong ito sa alternatibong format o upang humiling ng makatwirang akomodasyon, makipag-ugnayan sa Community Development Department sa longbeach.gov/lbcd at sa 562.570.3807. Hinihiling na maglaan ng minimum na tatlong araw ng negosyo upang matiyak ang availability; pagsisikapang mapagbigyan ang mga hiling na naiparating sa loob ng mas maikling panahon.